Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 6, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit . . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico . . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jun M. Asinas . . . . . . . . . | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 103-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAANG LIBO PITONG DAAN LIMAMPU'T DALAWANG PISO (P100,752.00) MULA SA PONDONG NAKALAAN PARA SA BAKANTENG POSISYONG ENGINEER III NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG INHINYERO MULA SA BUWAN NG ENERO HANGGANG HUNYO 2007 PATUNGO SA PONDO PARA SA OVERTIME PAY UPANG MABAYARAN ANG IPINAGLINGKOD NANG LAMPAS SA OPISYAL NA ORAS NG MGA KAWANI NG NATURANG TANGGAPAN MULA ABRIL 17, 14, 21, 28, MAYO 5, 19, 26, HUNYO 2, 19, 16, 23 AT HULYO 7, 8, 14 AT 15, 2007.**

**SAPAGKA'T**, iniliwat ng Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas sa sangguniang ito ang kahilingan ng Pambayang Inhinyero na nagsasaad na makapagpatibay ng karagdagang badyet na nagkakahalaga ng P100,752.00 para sa layuning nakasaad sa itaas nito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Romulo A. Elca at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

### KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 14-T'07

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna

SEKSYON 1 – Iliwat at idagdag ang halagang P100,752.00 mula sa pondong nakalaan para sa bakanteng posisyong Engineer III ng Tanggapan ng Pambayang Inhinyero mula sa buwan ng Enero hanggang Hunyo, 2007 patungo sa pondo para sa overtime pay upang mabayaran ang ipinaglingkod nang lampas sa opisyal na oras ng mga kawani ng naturang tanggapan mula Abril 17, 14, 21, 28, Mayo 5, 19, 26, Hunyo 2, 19, 16, 23 at Hulyo 7, 8, 14 at 15, 2007.

SEKSYON 2 – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

PINAGPASIYAHAN PA: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. ROMULO A. ELCA
Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO
Kagawad

NAGPATOTOO:

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan

07/05/17/07